Mga Instruksyon sa 2024 Working Families Tax Credit Application (Pag-file ng 2024 Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho)

Sino ang kwalipikado?

Upang maging kwalipikado sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho (Working Families Tax Credit, WFTC), kailangan mong makamit ang lahat ng sumusunod na pamantayan para sa 2024:

- Ikaw (o ang iyong asawa, kung naaangkop) ay nag-file na ng pederal na tax return (form 1040 o 1040-SR).
- Natutugunan mo (o ng iyong asawa, kung naaangkop) ang mga kinakailangan para sa pederal na Tax Credit para sa Kinita (Earned Income Tax Credit, EITC), **O** matutugunan ang mga kinakailangan para sa EITC, pero nagsumite ng Indibidwal na Numero ng Pagkakakilanlan ng Pagbabayad ng Buwis (Individual Taxpayer Identification Number, ITIN).
- Ikaw (o ang iyong asawa, kung naaangkop) ay dapat na hindi bababa sa 25 at hindi lalampas sa 65 taong gulang **O** may kwalipikadong anak.
- Dapat ay nanirahan ka sa Washington nang hindi bababa sa 183 araw (mahigit kalahating taon).
- Ang Iniangkop na Kabuuang Kita (Adjusted Gross Income, AGI) mo (at ng iyong asawa, kung naaangkop) ay mababa sa mga sumusunod na threshold:

Ang (AGI) ay dapat na mas maliit sa		Bilang ng mga Kwalipikadong Bata
Katayuan sa Pag-file: Walang Asawa	Katayuan sa Pag-file: May Asawa	
$18,591	$25,511	0
$49,084	$56,004	1
$55,768	$62,688	2
$59,899	$66,819	3+

Ano ang kailangan ko?

Pakitiyak na nasa iyo ang sumusunod na impormasyon bago magsumite ng aplikasyon:

1. **Isang kopya ng iyong kumpletong pederal na tax return para sa 2024**, kung saan kasama ang iyong (form 1040 o 1040-SR) at ang lahat ng form at iskedyul na na-file mo kasama ng iyong 2024 pederal na income tax return.
    a. Sa aplikasyon, kakailanganin mong isaad ang kita mo, at mga tip mula sa line 1z at ang iniangkop na kabuuang kita (AGI).
2. **Legal na pangalan, numero ng social security (social security number, SSN) o ITIN**, at ang **petsa ng kapanganakan** mo, ng iyong asawa (kung naaangkop), at ng sinumang kwalipikadong bata. Kung nag-apply ka para sa ITIN at hindi mo pa ito natatanggap, lagyan ng tsek ang kahon sa Tanong 2 na nagsasabing, "Kasalukuyan akong naghihintay ng ITIN mula sa Internal Revenue Service (IRS) (para sa sarili ko, sa asawa ko, at/o sa anak ko)." Hindi ipoproseso ang iyong aplikasyon sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho hangga't hindi mo ipinapadala sa Kagawaran ang kopya ng iyong CP565 para ipakitang naibigay na ang iyong balidong ITIN.

Mga Instruksyon sa 2024 Working Families Tax Credit Application (Pag-file ng 2024 Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho)

3. **Kasalukuyang address para sa pagpapadala ng sulat at address ng kasalukuyang tirahan**. Kung gumagamit ka ng PO box o pribadong mailbox bilang address para sa pagpapadala ng sulat, dapat mong ibigay sa Kagawaran ang address ng iyong kasalukuyang tirahan. Tingnan ang seksyon ng "Paninirahan" para sa mga detalye kung ano ang dapat gawin kung wala kang address ng tirahan.
4. **Ang routing number at account number ng iyong bangko** kung pinipili mo ang direct deposit.
5. **Pirma ng aplikante** (at o ng iyong asawa, kung naaangkop).

Kailan ako mag-a-apply?

Simula sa Pebrero 1, 2025, para sa 2024.

Paano ako mag-a-apply?

- Online sa WFTC.wa.gov
- Makukuha ang mga Papel na Aplikasyon sa:
    - Aming website: WFTC.wa.gov
    - Isang lokal na opisina ng DOR (Kagawaran ng Kita).
        - Bellingham - 1904 Humboldt Street
        - Bothell - 12100 NE 195th St Suite 100
        - Kent - 20819 72nd Ave South Suite 680
        - Port Angeles - 734 E First St Suite B
        - Richland - 1657 Fowler Street
        - Seattle - 2101 4th Ave Suite 1400
        - Spokane - 1330 N Washington Suite 5600
        - Tacoma - 3315 S 23rd St Suite 300
        - Tumwater - 6500 Linderson Way SW
        - Vancouver - 8008 NE 4th Plain Blvd Suite 320
        - Wenatchee - 630 N Chelan Ave Suite B3
        - Yakima - 3703 River Rd Suite 3
- Ang mga papel na aplikasyon ay puwedeng i-drop off sa isang field office o ipadala sa:
    - Washington State Department of Revenue
      Attn: Working Families Tax Credit Division
      PO Box 47468
      Olympia, WA 98504-7468

A. Ang Iyong Impormasyon

1. Ibigay ang iyong kumpletong legal na pangalan. Ang iyong pangalan at apelyido ay dapat tugma sa pangalan na nasa iyong social security card o nasa iyong dokumentasyon ng ITIN.

Mga Instruksyon sa 2024 Working Families Tax Credit Application (Pag-file ng 2024 Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho)

2. Ibigay ang iyong buong balidong "SSN" (Numero ng Social Security) o balidong "ITIN" (Numero ng Pagkakakilanlan ng Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis) sa nakalaang espasyo.
   - Kung nag-apply ka ng ITIN mula sa IRS at hindi mo pa ito natatanggap, puwede mo pa ring kumpletuhin ang aplikasyon. Kung gayon nga, lagyan ng tsek ang kahon sa aplikasyon na nagsasabing "Kasalukuyan akong naghihintay ng ITIN mula sa IRS (para sa sarili ko, sa asawa ko, at/o sa anak ko)." Hindi ipoproseso ang iyong aplikasyon sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho hangga't hindi mo ipinapadala sa Kagawaran ang kopya ng iyong CP565 para ipakitang naibigay na ang iyong balidong ITIN.
3. Ibigay ang iyong petsa ng kapanganakan sa format na (BB/AA/TTTT). Halimbawa, kung ang petsa ng kapanganakan mo ay Abril 15, 1980, dapat mong ilagay ang 04/15/1980.
4. Kung mayroon kang lisensya sa pagmamaneho mula sa estado ng Washington o ID, ibigay ang numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho mula sa estado ng Washington o numero ng ID mula sa Estado sa nakalaang kahon.
   - Puwede ka pa ring maging kwalipikado nang walang lisensya sa pagmamaneho mula sa estado ng Washington o ID mula sa Estado. Ang pagbibigay ng impormasyong ito ay makakatulong sa amin na pabilisin ang proseso ng pagsusuri sa aplikasyon. Kung wala kang lisensya sa pagmamaneho mula sa estado ng Washingtion o ID, o kaya naman ay hindi makapagbibigay nito, lagyan ng tsek ang kahon na nagsasabing, "Wala ako o ayaw kong magbigay ng numero ng lisensya mula sa estado ng Washington o ID."
5. Ibigay ang iyong kasalukuyang address para sa pagpapadala ng sulat.
   - Ang papadalhang address na ito ay gagamitin para sa lahat ng liham at para sa pagpapadala ng mga bayad sa pamamagitan ng tseke o prepaid debit card. Kung magbabago ang iyong papadalhang address, mahalagang i-update mo ito kaagad. Maaari mo itong i-update sa pamamagitan ng pagtawag sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho sa 360-763-7300.
   - Kung binigyan ka ng pahintulot na tumanggap ng mail sa address ng isang organisasyon o ng kaibigan o kamag-anak, tiyaking isaad kung sino ang **kinatawang tatanggap** ng mail sa linya ng address ng iyong aplikasyon. Ang "kinatawang tatanggap" sa Ingles ay "care of." Isinusulat din ito bilang "C/O" sa mga ipinapadalang item. Nangangahulugan ito na ang sobre ay ihahatid sa isang tao (sa organisasyon, kaibigan o kamag-anak), na siyang maghahatid nito sa talagang nilalayong tatanggap (ikaw). Kung ang papadalhang address ay hindi mo tirahan, maaaring hindi maihatid ang item kung walang nakasaad na kinatawang tatanggap sa address.

     Halimbawa, ganito lalabas ang address sa isang liham:

     [Ang iyong pangalan]
     C/O [ang pangalan ng iyong organisasyon o ng iyong kaibigan o kamag-anak]
     123 APPLE WAY
     CITY ST 99999-9999

6. Magbigay ng (mga) numero ng telepono at email address.

Mga Instruksyon sa 2024 Working Families Tax Credit Application (Pag-file ng 2024 Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho)

B. Mga tanong tungkol sa paninirahan

7. Kung nanirahan ka sa Washington nang hindi bababa sa 183 araw (mahigit kalahating taon) sa taong 2024, lagyan ng tsek ang kahon na "Oo." Kung hindi ka nanirahan sa Washington nang hindi bababa sa 183 araw, lagyan ng tsek ang kahon na "Hindi." Kung nilagyan mo ng tsek ang "Hindi," **huminto dito**. Hindi ka kwalipikado para sa refund.

   Paalala: Kung may asawa ka at magkasama o joint ang pag-file ninyo, isang asawa lang ang kailangang makatugon sa kinakailangang 183 araw na paninirahan. Ang indibidwal na nakakatugon sa kinakailangan sa paninirahan ay dapat na ang pangunahing aplikante. Hindi puwedeng maging pangunahing aplikante ang asawang nakatira sa labas ng estado.

8. Kung ang iyong address para sa pagpapadala ng sulat ay katulad ng address ng iyong kasalukuyang pangunahing tirahan, lagyan ng tsek ang kahon na "Oo." Kung naiiba ang iyong address para sa pagpapadala ng sulat mula sa address ng iyong kasalukuyang pangunahing tirahan, lagyan ng tsek ang kahon na "Hindi". Kung sumagot ka ng "Oo," puwede ka nang lumipat sa Seksyon C.
9. Kung sumagot ka ng "Hindi" sa tanong 8, ibigay ang address ng iyong kasalukuyang pangunahing tirahan sa nakalaang patlang. Kung nagbigay ka ng PO Box o pribadong mailbox bilang iyong address para sa pagpapadala ng sulat, dapat mong lagyan ng tsek ang "Hindi" para sa tanong 8 at ibigay ang address ng iyong pangunahing tirahan sa nakalaang patlang.
   - Kung nakakaranas ka ng kawalan ng tirahan o kaya naman ay hindi ka makapagbibigay ng address ng pangunahing tirahan, lagyan ng tsek ang "Hindi" para sa tanong 8 at lagyan ng tsek ang kahon na nagsasabing, "Wala ako o ayaw kong magbigay ng address para sa aking pangunahing tirahan." Pakitandaan na maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang Kagawaran para i-verify kung natutugunan mo ang mga kinakailangan sa paninirahan. Kung nilagyan mo ng tsek ang "Hindi" para sa tanong 8, dapat kang magbigay ng address ng pangunahing tirahan, o siguruhing nag-opt out ka sa pagbibigay ng address ng pangunahing tirahan para makumpleto ang iyong aplikasyon.

C. Mga tanong tungkol sa kwalipikasyon

10. Siguruhing tumutugma ang kahon sa katayuan sa pag-file na ginamit mo para i-file ang iyong pederal na tax return para sa kinita sa taong 2024.
11. Kung na-claim mo ang pederal na EITC credit noong 2024, lagyan ng tsek ang kahong 'Oo' at pumunta sa tanong 13. Kung hindi mo na-claim ang credit, lagyan ng tsek ang kahong 'Hindi' at magpatuloy sa tanong 12.
    - Kung na-claim mo ang EITC, dapat ay may halaga ng credit na nakalista sa linya 27 ng iyong 1040. Kung na-claim mo ang EITC kasama ng mga kwalipikadong bata, dapat ay nag-file ka rin ng Schedule EIC (Iskedyul EIC [credit sa kinita, Earned Income Credit]).
12. Natutugunan mo ba ang LAHAT ng sumusunod na kinakailangan? Kung oo, lagyan ng tsek ang kahong "Oo" at pumunta sa tanong 13. Kung hindi mo natutugunan ang mga sumusunod na

credit, lagyan ng tsek ang kahon na "Hindi." Kung nilagyan mo ng tsek ang kahon na "Hindi," **huminto dito**. Hindi ka kwalipikado para sa refund.

Kung hindi mo alam kung kwalipikado ka, suriin ang mga kinakailangan sa ibaba:

- Ang iyong (AGI) mula sa linya 11 ng iyong pederal na return para sa 2024 ay dapat na mas maliit sa:
  - $18,591 ($25,511 para sa mag-asawa na magkasama ang pag-file) kung wala kang kwalipikadong bata,
  - $49,084 ($56,004 para sa mag-asawa na magkasama ang pag-file) kung mayroon kang isang kwalipikadong bata,
  - $55,768 ($62,688 para sa mag-asawa na magkasama ang pag-file) kung mayroon kang dalawang kwalipikadong bata, o
  - $59,899 ($66,819 para sa mag-asawa na magkasama ang pag-file) kung mayroon kang tatlo o higit pang kwalipikadong bata.
- Kung ikaw (o ang iyong asawa, kung naaangkop) ay walang kwalipikadong anak, ikaw (o ang iyong asawa, kung naaangkop) ay dapat na 25 - 64 na taong gulang sa pagtatapos ng 2024.
- Kung ikaw (o ang iyong asawa, kung naaangkop) ay may kita mula sa investment, dapat na mas maliit ito sa $11,600.
- Ang sumusunod na mga sitwasyon ay HINDI naaangkop sa iyo sa taong 2024.
  - Nag-file ka ng Federal Form 2555 (Form ng Pederal 2555), na nauugnay sa kinita mula sa ibang bansa.
  - Ikaw (o ang iyong asawa, kung naaangkop) ay na-claim ng isang tao bilang kwalipikadong bata.
  - Kung wala kang kwalipikadong bata, ikaw (o ang iyong asawa, kung naaangkop) ay na-claim bilang dependyente ng isang tao.
  - Ikaw (o ang iyong asawa, kung naaangkop) ay itinuring bilang di-residenteng dayuhan sa U.S.
  - Kasalukuyan kang nasa panahon ng pagtanggi mula sa pag-claim ng Pederal na (EITC).

D. Impormasyon ng Asawa

Kung wala kang asawa o kinakasama, pumunta sa Seksyon E.

13. Ibigay ang legal na pangalan ng iyong asawa/kinakasama. Ang pangalan at apelyido ay dapat na tugma sa nasa iyong social security card o dokumentasyon ng ITIN ng iyong asawa.
14. Ibigay ang balidong "SSN" (Numero ng Social Security) o balidong "ITIN" (Numero ng Pagkakakilanlan ng Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis) sa nakalaang espasyo.
15. Ibigay ang petsa ng kapanganakan ng iyong asawa/kinakasama sa format na (BB/AA/TTTT). Halimbawa, kung ang petsa ng kapanganakan niya ay Abril 15, 1980, dapat mong ilagay ang 04/15/1980.

Mga Instruksyon sa 2024 Working Families Tax Credit Application (Pag-file ng 2024 Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho)

E. Impormasyon ng mga kwalipikadong bata

Ang seksyong ito ay para lang sa mga aplikanteng nagki-claim ng mga kwalipikadong bata para sa kanilang refund. Dapat mong ibigay ang lahat ng impormasyong hinihiling sa ibaba para sa iyong (mga) kwalipikadong anak. Kapag nabigong maibigay ang impormasyon, puwede nitong maantala ang pagproseso sa iyong aplikasyon. **Ang isang kwalipikadong bata ay maaari lang i-claim sa isang aplikasyon ng isang indibidwal o mag-asawa.**

Sino ang maituturing na kwalipikadong bata?

Dapat matugunan ng isang kwalipikadong bata ang mga kinakailangan sa kwalipikasyon para ma-claim sa iyong aplikasyon. Dapat na nauugnay sa iyo ang bata, saklaw ng partikular na edad, hindi nag-file ng sarili niyang joint return, at kasama mo sa bahay sa mahigit kalahati ng 2024.

Ang kwalipikadong bata at isang dependyente na na-claim sa iyong mga pederal na buwis ay hindi magkatulad para sa mga layunin ng Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho. Kung na-claim mo ang isang indibidwal bilang isang dependyente sa iyong pederal na buwis, hindi ito nangangahulugang make-claim mo siya bilang kwalipikadong bata. Pakitiyak na ang sinumang bata na kini-claim mo para sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho ay natutugunan ang mga kinakailangan para sa kwalipikadong bata na inilalarawan sa ibaba.

Relasyon

Ang isang kwalipikadong bata ay dapat na nauugnay sa iyo sa paanuman. Puwede siyang maging ang iyong anak o kapatid. Halimbawa, ang isang kwalipikadong bata ay puwedeng maging ang iyong sariling anak (kasama ang mga ampon), anak ng iyong asawa, kinukupkop na bata, o inapo ng isa sa mga ito, gaya ng apo. Ang kwalipikadong bata ay maari ring maging ang iyong kapatid, kapatid sa nanay o tatay, kapatid sa amain o madrasta, o mga inapo ng isa sa mga ito, gaya ng pamangkin. Hindi mo puwedeng i-claim ang asawa ng iyong anak bilang isang kwalipikadong bata.

Edad

Ang isang kwalipikadong bata ay dapat na wala pang 19 na taong gulang sa pagtatapos ng 2024 **at** mas bata sa iyo (o sa iyong asawa, kung naaangkop). Kung ang kwalipikadong bata ay naka-enroll bilang full-time na estudyante, dapat ay wala pa siyang 24 na taong gulang sa pagtatapos ng 2024 **at** mas bata sa iyo. Kung ang iyong kwalipikadong bata ay permanente at ganap na baldado sa anumang panahon sa taong 2024, walang kinakailangan sa edad.

Mga Kalkulasyon sa Edad: Ang isang kwalipikadong bata ay itinuturing na tumuntong sa kaniyang edad sa araw bago ang petsa ng kapanganakan niya.

> **Halimbawa 1**: Ang petsa ng kapanganakan ng iyong anak na babae ay 1/2/2007. Ituturing siyang 18 sa 1/1/2025. **Puwede** mong i-claim ang iyong anak na babae bilang isang kwalipikadong bata para sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho dahil wala pa siyang 19 (18 taong gulang) sa pagtatapos ng 2024.

Halimbawa 2: Ang petsa ng kapanganakan ng iyong anak na lalaki ay 12/31/2005. Ituturing siyang 19 sa 12/30/2024. **Hindi mo puwedeng** i-claim ang iyong anak na lalaki bilang isang kwalipikadong bata dahil *lampas* na siya ng 19 na taong gulang at hindi isang full-time na estudyante sa pagtatapos ng 2024.

Halimbawa 3: Ang iyong 20 taong gulang na kapatid na lalaki, na isang full-time na estudyante at walang asawa, ay nakatira sa bahay ninyo ng iyong asawa. Ikaw ay 18 at ang iyong asawa ay 21. Ikaw at ang iyong asawa ay nag-file ng joint return para sa 2024. **Puwede** mong i-claim ang iyong kapatid na lalaki bilang isang kwalipikadong bata para sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho dahil ang iyong kapatid na lalaki ay mas bata sa iyong asawa. Dahil siya ay iyong kapatid na lalaki, isang full-time na estudyante, hindi nag-file ng joint return, at kasama mo sa bahay, natutugunan niya ang mga kinakailangan para maging iyong kwalipikadong bata.

Halimbawa 4: Ang iyong 23 taong gulang na kapatid na lalaki, na isang full-time na estudyante at walang asawa, ay nakatira sa bahay ninyo ng iyong asawa. Ikaw ay 18 at ang iyong asawa ay 21. Ikaw at ang iyong asawa ay magpa-file ng joint return para sa 2024. **Hindi mo puwedeng** i-claim ang iyong kapatid na lalaki bilang isang kwalipikadong bata para sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho dahil ang iyong kapatid na lalaki ay mas matanda sa iyo o sa iyong asawa. Kahit na siya ay iyong kapatid na lalaki, isang full-time na estudyante, at kasama mo sa bahay, hindi mo siya puwedeng i-claim dahil mas matanda siya sa iyo o sa iyong asawa.

Halimbawa 5: Ang iyong 24 na taong gulang na pamangkin ay nakatira sa inyo sa buong panahon. Wala siyang asawa at lubusan at ganap na baldado. **Puwede** mong i-claim ang iyong pamangkin para sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho dahil siya ay lubusan at ganap na baldado, kaya hindi batayan ang edad sa kaniyang kwalipikasyon.

Joint Return

Ang kwalipikadong bata ay **hindi** dapat nag-file ng joint return para sa 2024, maliban kung nag-file lang siya para mag-claim ng refund ng tax withheld para sa kinita o tinatayang binayarang buwis.

Halimbawa 1: Ang iyong anak na babae at ang asawa niya ay parehong 18 at kasama mo sa bahay. Kumikita sila ng pinagsamang $10,000 kada taon at hindi kinakailangang mag-file ng pederal na tax return para sa kinita. Napagdesisyunan nila na hindi mag-file. **Puwede** mong i-claim ang iyong anak na babae bilang kwalipikadong bata para sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho dahil siya ay wala pang 19, kasama mo sa bahay, at hindi sila nag-file ng kaniyang asawa ng joint return. Hindi mo puwedeng i-claim ang asawa ng iyong anak bilang isang kwalipikadong bata.

Halimbawa 2: Ang iyong anak na lalaki at ang asawa niya ay parehong 18 at kasama mo sa bahay. Kumikita sila ng pinagsamang $11,000 kada taon at hindi kinakailangang mag-file ng pederal na tax return para sa kinita. Nag-file sila ng joint return para makatanggap ng refund ng tax withheld. **Puwede** mong i-claim ang iyong anak na lalaki bilang kwalipikadong bata para sa

Mga Instruksyon sa 2024 Working Families Tax Credit Application (Pag-file ng 2024 Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho)

Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho dahil siya ay wala pang 19, kasama mo sa bahay, at nag-file lang ng joint return para makatanggap ng refund ng tax withheld. Hindi mo puwedeng i-claim ang asawa ng iyong anak bilang isang kwalipikadong bata.

Halimbawa 3: Ang iyong apo at ang asawa niya ay parehong 18 at kasama mo sa bahay. Kumikita sila ng $10,000 at hindi kinakailangang mag-file ng pederal na tax return para sa kinita. Nagdesisyon silang mag-file ng joint return para ma-claim ang Credit ng Buwis para sa Pagkakataon ng Amerikano. **Hindi mo puwedeng** i-claim ang iyong apo dahil nagpa-file sila ng joint return para mag-claim ng credit, hindi lang para makatanggap ng refund ng tax withheld.

Paninirahan

Ang isang kwalipikadong bata ay dapat na kasama mo sa bahay sa mahigit kalahati ng 2024. Kung ang iyong anak ay ipinanganak o namatay sa taong 2024, dapat ay nakasama mo siya sa bahay nang mahigit sa kalahati ng kaniyang buhay noong nabubuhay pa siya sa taong 2024.

Halimbawa 1: Ikaw at ang iyong dating asawa ay may 10 taong gulang na anak. Ang bata ay pangunahin nang kasama mo sa bahay at tumitira sa bahay ng iyong dating asawa tuwing ikalawang linggo. Dahil kasama mo sa bahay ang bata nang mahigit sa kalahating taon, **puwede** mong i-claim ang iyong anak para sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho. Hindi puwedeng i-claim ng iyong dating asawa ang bata.

Halimbawa 2: Lumipat ka sa Washington noong Enero 1, 2024, para sa trabaho. Nakasama mo sa bahay ang iyong anak noong Setyembre 1, 2024. Dahil 4 na buwan mo lang nakasama sa bahay ang iyong anak sa taong 2024 (Setyembre 1 - Disyembre 31, 2024), **hindi mo siya puwedeng** i-claim para sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho.

Halimbawa 3: Namatay ang iyong anak noong Pebrero 28, 2024, at nasa ospital mula Enero 15, 2024, hanggang sa mamatay siya. **Puwede** mo pa ring i-claim ang bata para sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho para sa 2024, basta't walang ibang indibidwal ang nag-claim sa kaniya. Ang isang batang namatay sa taong 2024 ay itinuturing na nakasama mo sa bahay nang mahigit sa kalahati ng 2024 kung ang iyong tirahan ay ang tirahan ng bata sa mahigit kalahati ng panahon kung kailan buhay ang bata sa taong 2024. Ang panahon na ikaw o ang iyong anak ay pansamantalang wala sa inyong tirahan dahil sa natatanging kalagayan, gaya ng pagkakasakit, ay nabibilang pa rin bilang panahon kung kailan nakasama mo sa bahay ang bata.

Mga Panuntunan para sa Tiebreaker:

Puwedeng maging kwalipikado ang isang bata para sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho para sa mahigit sa isang aplikante. Gayunman, isang tao (at ang asawa ng taong iyon, kung naaangkop) lang ang puwedeng mag-claim sa bata kada taon. Tingnan ang nasa ibaba may kinalaman sa mga panuntunan para sa tiebreaker upang mapagpasiyahan kung sinong tao ang puwedeng mag-claim sa kwalipikadong bata.

- Kung isa lang sa mga tao ang magulang ng bata, itinuturing ang bata bilang ang kwalipikadong anak ng magulang.

Mga Instruksyon sa 2024 Working Families Tax Credit Application (Pag-file ng 2024 Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho)

- Kung magkasamang nag-file ng pederal na joint tax return ang mga magulang at puwedeng i-claim ang bata bilang kwalipikadong bata, itituring ang bata bilang kwalipikadong anak ng parehong magulang.
- Kung hindi magkasamang nag-file ng pederal na joint tax return ang mga magulang pero puwedeng i-claim ng parehong magulang ang bata sa kanilang pederal na tax return, itinuturing ang bata bilang kwalipikadong anak ng magulang kung kanino nanirahan ang bata nang mas matagal sa taon na iyon. Dapat na nanirahan ang bata sa bahay ng magulang na iyon sa loob ng di-bababa sa 183 araw. Kung nanirahan ang bata sa bahay ng bawat magulang sa loob ng magkaparehong dami ng panahon, itinuturing ang bata bilang kwalipikadong anak ng magulang na may mas mataas na (AGI) para sa taon.
- Kung walang magulang ang puwedeng mag-claim sa bata bilang kwalipikadong bata, itinuturing ang bata bilang kwalipikadong bata ng tao na natutugunan ang lahat ng kinakailangan para sa kwalipikadong bata at may pinakamataas na AGI para sa taon.
- Kung puwedeng i-claim ng isang magulang ang bata bilang kwalipikadong bata pero wala sa mga magulang ang nag-claim sa bata, ang bata ay itinuturing na kwalipikadong bata ng taong may pinakamataas na AGI para sa taon, pero tangi lamang kung mas mataas ang AGI ng taong iyon kaysa sa pinakamataas na AGI ng alinman sa mga magulang ng bata na puwedeng mag-claim sa bata.

  Halimbawa 1: Ikaw at ang iyong 2 taong gulang na anak na si Jimmy ay tumira sa bahay ng iyong nanay sa buong taon. Ikaw ay 25 taong gulang, walang asawa, at $9,000 ang iyong AGI. Ang AGI ng iyong nanay ay $22,000. Natutugunan ni Jimmy ang mga pagsusuri sa relasyon, edad, paninirahan, at joint return para sa iyo at sa iyong nanay. Gayunman, isa lang sa inyo ang puwedeng magturing sa kaniya bilang kwalipikadong bata para i-claim sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho. Hindi siya kwalipikadong bata ng iba pang tao, kasama ang kaniyang tatay. Kung pipiliin mong hindi i-claim si Jimmy bilang kwalipikadong bata para sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho, puwede siyang ituring ng iyong nanay bilang kwalipikadong bata para i-claim sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho.

  Halimbawa 2: Ikaw at ang iyong 7 taong gulang na pamangkin, ang anak ng iyong kapatid na babae, ay tumira sa bahay ng iyong nanay sa buong taon. Ikaw ay 25 taong gulang, at ang iyong AGI ay $9,300. Ang iyong tanging kinikita ay galing sa isang part-time na trabaho. Ang AGI ng iyong nanay ay $15,000. Ang kaniyang tanging kinikita ay galing sa kaniyang trabaho. Magkasamang nag-file ang mga magulang ng iyong pamangkin, mas maliit sa $9,000 ang kanilang AGI, at hindi sila nanirahang kasama mo o ng kanilang anak. Natutugunan ng iyong pamangkin ang mga pagsusuri sa relasyon, edad, paninirahan, at joint return para sa iyo at sa iyong nanay. Gayunman, ang iyong nanay lang ang makakaturing sa kaniya bilang isang kwalipikadong bata. Ito ay dahil sa ang AGI na $15,000 ng iyong nanay ay mas mataas kaysa sa iyong AGI na $9,300.

16. Pagkumpleto sa Seksyon E ng Aplikasyon sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho
    - Ibigay ang bilang ng iyong mga anak. Hindi ka makakapag-claim ng lampas sa tatlong bata para sa refund. Halimbawa, kung mayroon kang 5 anak, magbibigay ka lang ng impormasyon

para sa tatlong bata. Ang halaga ng refund at mga limitasyon ng kita ay hindi madaragdagan nang para sa higit sa 3 bata.

- Ilista ang legal na pangalan para sa iyong (mga) kwalipikadong anak gaya ng nakasulat sa kanilang social security card o dokumentasyon ng ITIN. Kung nagke-claim ka ng mahigit sa isang bata, ilista ang unang pangalan ng bawat bata sa hiwalay na hanay. Makakapag-claim ka lang ng 3 bata. Huwag ibigay ang impormasyon para sa lampas sa 3 bata.
- Ilista ang legal na gitnang inisyal para sa iyong (mga) kwalipikadong anak gaya ng nakasulat sa kanilang social security card o dokumentasyon ng ITIN. Kung wala silang Inisyal ng gitnang pangalan, iwang blangko ang linyang ito.
- Ilista ang legal na apelyido para sa iyong (mga) kwalipikadong anak gaya ng nakasulat sa kanilang social security card o dokumentasyon ng ITIN. Ang kanilang legal na Apelyido ay hindi kinakailangang kapareho ng apelyido mo.
- Ibigay ang (mga) petsa ng kapanganakan ng iyong kwalipikadong (mga) anak sa format na (BB/AA/TTTT). Halimbawa, kung ang petsa ng kapanganakan ng iyong anak ay Mayo 6, 2005, ilista ang kaniyang petsa ng kapanganakan bilang 05/06/2005.
- Ilagay ang lahat ng numero ng balidong SSN o balidong ITIN sa nakalaang patlang. Kung nag-apply ka ng ITIN para sa iyong anak at hindi mo pa ito natatanggap, puwede mo pa ring kumpletuhin ang aplikasyon, pero dapat mong lagyan ng tsek ang kahon sa Tanong 2.
- Piliin at lagyan ng tsek ang kahon na pinakamahusay na naglalarawan sa iyong kwalipikadong (mga) bata na nauugnay sa iyo.
    - Kabilang sa anak, anak ng iyong asawa, ampon o kinukupkop na bata ang sinumang inapo ng mga ito, gaya ng apo.
    - Kabilang sa kapatid, kapatid sa nanay o tatay, o kapatid sa madrasta o amain ang sinumang inapo ng mga ito, gaya ng pamangkin.
- Kung ang bata ay nakasama mo sa bahay nang mahigit sa kalahating taon, lagyan ng tsek ang kahon na "Oo." Kung ang bata ay hindi mo nakasama sa bahay nang mahigit sa kalahating taon, lagyan ng tsek ang kahon na "Hindi." Kung pinili mo ang "Hindi," hindi mo puwedeng i-claim ang bata para sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho.
- Kung ang iyong (mga) anak ay full-time na estudyante sa loob ng 5 buwan sa kalendaryo sa taong 2024, lagyan ng tsek ang kahon na "Oo." Kung ang iyong (mga) anak ay hindi estudyante sa taong 2024, lagyan ng tsek ang kahon na "Hindi." Para maging kwalipikado bilang estudyante, ang iyong anak ay dapat na wala pang 24 na taong gulang sa pagtatapos ng 2024 at isang full-time na estudyante sa isang paaralan na may regular na kawani sa pagtuturo, kurso ng pag-aaral, at regular na lupon ng estudyante sa paaralan (halimbawa: paaralang elementarya, middle school, high school, kolehiyo, o trade school); o sumasailalim sa full-time na pagsasanay sa bukid na ibinibigay ng paaralang inilarawan sa itaas.
    - **Halimbawa 1**: Kasama mo sa bahay ang iyong anak at pumapasok nang full-time sa isang kolehiyo sa komunidad. Wala siyang asawa at hindi nag-file ng joint return. Tumuntong siya sa edad na 23 taong gulang noong Oktubre. Kwalipikado ang iyong anak bilang isang estudyante dahil pumapasok siya nang full-time sa isang kolehiyo sa komunidad at wala pang 24 na taong gulang sa pagtatapos ng taon.

- **Halimbawa 2**: Kasama mo sa bahay ang iyong anak at pumapasok nang full-time sa isang kolehiyo sa komunidad. Wala siyang asawa at hindi nag-file ng joint return. Tumuntong siya sa edad na 24 na taong gulang noong Nobyembre. Ang iyong anak ay **hindi** kwalipikado bilang isang estudyante dahil lampas na siya ng 24 na taong gulang sa pagtatapos ng 2024.

- Kung ang iyong (mga) anak ay permanente at ganap na baldado sa anumang bahagi ng 2024, lagyan ng tsek ang kahon na "Oo." Kung hindi siya permanente at ganap na baldado, lagyan ng tsek ang kahon na "Hindi." Ang isang tao ay itinuturing na permanente at ganap na baldado kung nalalapat ang pareho sa mga bullet na ito:
  - Hindi niya kayang makibahagi sa anumang aktibidad na may malaking pakinabang dahil sa pisikal o mental na kondisyon, **AT**
  - Tiniyak ng isang kwalipikadong doktor na ang kondisyon ay nanatili o maaasahang manatili nang patuluyan sa loob ng di-bababa sa isang taon o maaasahang magresulta sa kamatayan
- Kung nag-claim ka ng iyong (mga) anak para sa (EITC) sa iyong pederal na tax return, lagyan ng tsek ang kahon na "Oo." Kung hindi ka nag-claim ng iyong (mga) anak para sa EITC, lagyan ng tsek ang kahon na "Hindi."

F. Kinita

17. Ilagay ang halaga ng dolyar na nakalista sa linya 1z ng iyong 1040 o 1040- SR ng iyong 2024 Pederal na tax return.
Halimbawa ng "linya 1z" sa form 1040:



Income				
Attach Form(s) W-2 here. Also attach Forms W-2G and 1099-R if tax was withheld. If you did not get a Form W-2, see instructions.	1a	Total amount from Form(s) W-2, box 1 (see instructions)		1a
	b	Household employee wages not reported on Form(s) W-2		1b
	c	Tip income not reported on line 1a (see instructions)		1c
	d	Medicaid waiver payments not reported on Form(s) W-2 (see instructions)		1d
	e	Taxable dependent care benefits from Form 2441, line 26		1e
	f	Employer-provided adoption benefits from Form 8839, line 29		1f
	g	Wages from Form 8919, line 6		1g
	h	Other earned income (see instructions)		1h
	i	Nontaxable combat pay election (see instructions)	1i	
	z	Add lines 1a through 1h		1z

18. Ilagay ang Adjusted Gross Income (AGI) na iniulat sa linya 11 ng iyong 1040 o 1040-SR ng iyong 2024 pederal na tax return.
Halimbawa ng "linya 1z" sa form 1040:



8	Other income from Schedule 1, line 10	8
9	Add lines 1z, 2b, 3b, 4b, 5b, 6b, 7, and 8. This is your **total income**	9
10	Adjustments to income from Schedule 1, line 26	10
11	Subtract line 10 from line 9. This is your **adjusted gross income**	11
12	**Standard deduction or itemized deductions** (from Schedule A)	12
13	Qualified business income deduction from Form 8995 or Form 8995-A	13
14	Add lines 12 and 13	14
15	Subtract line 14 from line 11. If zero or less, enter -0-. This is your **taxable income**	15

Mga Instruksyon sa 2024 Working Families Tax Credit Application (Pag-file ng 2024 Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho)

Kung ang iyong AGI ay mas malaki kaysa o katumbas ng limitasyon ng kita na nauukol sa iyo, na tinukoy sa Pahina 1 ng mga tagubiling ito, **huminto rito**. Hindi ka kwalipikado para sa refund.

19. Kung inilista mo ang bawat item sa iyong pederal na tax return para sa 2024, lagyan ng tsek ang kahon ng "Oo." Kung hindi mo inilista ang bawat item, lagyan ng tsek ang kahon na "Hindi," at kung hindi ka sigurado kung inilista mo ba ang bawat item o hindi sa iyong pederal na tax return, lagyan ng tsek ang kahon na "Hindi Sigurado."
    - Kung inisa-isa mo ang mga item sa iyong tax return, nakumpleto mo ang Schedule A (Iskedyul A) kasama ang iyong 1040 o 1040-SR. Kung hindi nakumpleto ang schedule na ito, **hindi mo ito** naisa-isa. Kung hindi ka sigurado kung naisa-isa mo ang iyong tax return sa 2024, lagyan ng tsek ang kahong “Hindi Sigurado”.

20. Lagyan ng tsek ang kahon sa tabi ng alinman sa mga sitwasyon sa ibaba na naaangkop sa iyo sa taong 2024. Kung wala sa mga sitwasyong ito ang naaangkop sa iyo sa taong 2024, pumunta sa seksyon G.

    Mga Kahulugan ng mga Posibleng Sitwasyon

    May Sariling Hanapbuhay: Mayroon kang hanapbuhay o negosyo bilang isang sole proprietor o isang independent contractor; isa kang miyembro ng partnership na mayroong hanapbuhay o negosyo; o kaya naman ay may negosyo ka para sa iyong sarili (kasama ang part-time na negosyo).

    Miyembro ng klero o nagtatrabaho sa isang simbahan at nag-file ng Schedule SE (Iskedyul SE): Para sa mga serbisyo sa pagsasagawa ng ministeryo, ang mga miyembro ng klero ay tatanggap ng Form W-2 pero walang tax withheld sa social security o Medicare. Dapat silang magbayad ng social security at Medicare sa pamamagitan ng pag-file ng Schedule SE (Form 1040), Buwis sa Sariling Pagtatrabaho.

    Nagtatrabaho sa militar at nakatanggap ng bayad para sa pakikipaglaban: (1) Dapat na isa kang miyembro ng Sandatahang Lakas ng Estados Unidos, at (2) Ang karapatan sa kabayaran ay dapat na nakamit sa buwan kung kailan nagserbisyo ang miyembro sa isang itinalagang lugar ng labanan o naospital dahil sa mga sugat, sakit, o nagkaroon ng injury habang nagseserbisyo sa isang itinalagang lugar ng labanan.

    Empleyado ayon sa batas (statutory employee) at nag-file ng Schedule C (Iskedyul C) sa iyong pederal na tax return: Ang statutory employee ay isang independent contractor na itinuturing na empleyado para sa mga layunin ng tax withholding. Dapat makamit ng isang indibidwal ang ilang partikular na pamantayan para maituring na isang statutory employee. Puwede ring ikaltas ng mga statutory employee ang mga gastusing nauugnay sa trabaho sa Schedule C kapag nag-file sila ng kanilang pederal na tax return.

Mga Instruksyon sa 2024 Working Families Tax Credit Application (Pag-file ng 2024 Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho)

Halimbawa ng Schedule C



SCHEDULE C (Form 1040) — Profit or Loss From Business (Sole Proprietorship) — OMB No. 1545-0074 — 2021

Department of the Treasury, Internal Revenue Service (99) — ▶ Go to *www.irs.gov/ScheduleC* for instructions and the latest information. ▶ Attach to Form 1040, 1040-SR, 1040-NR, or 1041; partnerships must generally file Form 1065. — Attachment Sequence No. 09

Name of proprietor | Social security number (SSN)

A Principal business or profession, including product or service (see instructions) | B Enter code from instructions ▶

C Business name. If no separate business name, leave blank. | D Employer ID number (EIN) (see instr.)

E Business address (including suite or room no.) ▶
City, town or post office, state, and ZIP code

F Accounting method: (1) ☐ Cash (2) ☐ Accrual (3) ☐ Other (specify) ▶

G Did you "materially participate" in the operation of this business during 2021? If "No," see instructions for limit on losses . ☐ Yes ☐ No

H If you started or acquired this business during 2021, check here . . . ▶ ☐

I Did you make any payments in 2021 that would require you to file Form(s) 1099? See instructions . . . ☐ Yes ☐ No

J If "Yes," did you or will you file required Form(s) 1099? . . . ☐ Yes ☐ No

Part I Income

1	Gross receipts or sales. See instructions for line 1 and check the box if this income was reported to you on Form W-2 and the "Statutory employee" box on that form was checked ▶ ☐	1	
2	Returns and allowances	2	
3	Subtract line 2 from line 1	3	
4	Cost of goods sold (from line 42)	4	
5	**Gross profit.** Subtract line 4 from line 3	5	
6	Other income, including federal and state gasoline or fuel tax credit or refund (see instructions)	6	
7	**Gross income.** Add lines 5 and 6 ▶	7	

Part II Expenses. Enter expenses for business use of your home **only** on line 30.

8	Advertising	8		18	Office expense (see instructions)	18	
9	Car and truck expenses (see instructions)	9		19	Pension and profit-sharing plans	19	
10	Commissions and fees	10		20	Rent or lease (see instructions):		
11	Contract labor (see instructions)	11		a	Vehicles, machinery, and equipment	20a	
12	Depletion	12		b	Other business property	20b	
				21	Repairs and maintenance	21	

May mga Bayad ng Waiver sa Medicaid: Ang mga bayad ng waiver sa Medicaid ay mga ibinayad ng pederal na pamahalaan sa indibidwal na nagbibigay ng pangmatagalang pangangalaga sa bahay para sa isang tao na kung wala sa bahay ay maaaring nasa pangangalaga sana ng ospital, nursing home, pasilidad para sa intermediate na pangangalaga.

G. Paano mo gustong matanggap ang iyong refund?

Piliin ang "Direct Deposit" kung gusto mong direktang ideposito ang Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho sa iyong account sa bangko. **Tiyaking malinaw na nakasulat at tumpak ang iyong routing number at account number at pinili mo ang naaangkop na uri ng bank account.**



Piliin ang "Ipinadalang Tseke" kung gusto mong ipadala ang Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho sa ibinigay mong address para sa pagpapadala ng sulat.

Piliin ang "Prepaid Debit Card" kung gusto mong ilagay ang iyong Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho sa isang prepaid debit card at ipadala sa address na iyong ibinigay.

Mga Instruksyon sa 2024 Working Families Tax Credit Application (Pag-file ng 2024 Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho)

- Ang mga prepaid debit card ay ibibigay lang sa pangalan ng pangunahing aplikante, at isang card lang ang ibibigay.
- Ang prepaid debit card ay ipapadala sa address na iyong ibinigay sa aplikasyong ito.
- Kapag naibigay na ang refund sa isang prepaid debit card, hindi na mababago ng DOR ang iyong paraan ng pagbabayad. Pakitiyak na tama ang lahat ng impormasyong ibinigay mo.
- Para malaman pa ang tungkol sa mga tuntunin at bayarin sa prepaid debit card, bisitahin ang **workingfamiliescredit.wa.gov/get-help/prepaid-debit-cards.**

Walang pananagutan ang Department of Revenue para sa nawalang bayad kung mali ang inilagay mong impormasyon ng account o address para sa pagpapadala ng sulat. Kung hindi makukumpleto ang seksyong ito, ipapadala ang isang tseke sa address para sa pagpapadala ng sulat na ibinigay mo sa Seksyon A. Kung ang direktang deposito ay tinanggihan ng bangko, magpapadala ng tseke sa address na ibinigay mo sa Seksyon A. Siguruhing tama ang address para sa pagpapadala ng sulat sa Seksyon A (Ang iyong impormasyon, pahina 1).

H. Mga Kalakip

Maglakip ng kopya ng iyong pederal na tax return (Federal Form 1040 o 1040 SR) at LAHAT ng naaangkop na mga schedule) o transkrip ng IRS. Ang Federal Form 1040 o 1040-SR ay ang pamantayang form ng pederal na buwis para sa kinita na ginagamit para iulat ang kita sa IRS, mag-claim ng mga ikakaltas sa buwis at mga credit, at kalkulahin ang tax refund o tax bill para sa taon. Kung hindi ka makakapagbigay ng kopya ng iyong pederal na tax return, puwede kang humiling ng transkrip ng tax return sa IRS na nagbubuod ng impormasyon ng return at kinabibilangan ng adjusted gross income. Kung hindi mo isasama ang buong tax return, posibleng tanggihan ang iyong aplikasyon.

Humiling ng transkrip online:
https://www.irs.gov/individuals/get-transcript

Puwede kang humiling ng transkrip sa sulat sa pamamagitan ng pagtawag sa automated phone transcript service ng IRS sa 800-908-9946.

I. Deklarasyon at pirma

Ikaw, at ang iyong asawa kung naaangkop, ay dapat na pumirma sa aplikasyon upang maisaalang-alang para sa refund. Sa pagpirma sa aplikasyong ito, sumasang-ayon ka sa sumusunod:

- Totoo, tama, at kumpleto ang lahat ng impormasyong ibinigay mo.
- Puwede kang magbigay ng sumusuportang dokumento para sa lahat ng ibinigay na impormasyon sa aplikasyon.
- Nag-file ka ng pederal na tax return para sa kinita sa taong 2024 sa petsa kung kailan mo pinirmahan ang iyong aplikasyon.
- Ang aplikasyon ay hindi isinumite sa ngalan ng isang indibidwal na namatay na.
- Binayaran mo ang retail sales tax ng Estado ng Washington o gumamit ng buwis sa mga produkto o serbisyong binili sa taong 2024.

Mga Instruksyon sa 2024 Working Families Tax Credit Application (Pag-file ng 2024 Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho)

Ibigay ang petsa kung kailan mo (o ng iyong asawa, kung naaangkop) pinirmahan ang aplikasyon sa format na BB/AA/TTTT. Halimbawa, kung pinirmahan mo ang aplikasyong ito sa Pebrero 3, 2025, isulat ang "02/03/2025."

J. Impormasyon ng Naghanda

Boluntaryo ang seksyong ito.

21. Kung ikaw mismo ang kumumpleto sa aplikasyon sa Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho, lagyan ng tsek ang kahon na "Oo." Kung ibang tao ang naghanda ng aplikasyon para sa iyo, lagyan ng tsek ang kahon na "Hindi." Kung nilagyan mo ng tsek ang "Hindi," ibigay ang sumusunod na impormasyon para sa taong kumumpleto ng aplikasyon para sa iyo:
    a. Ang pangalan at numero ng telepono ng naghanda
    b. Kung ang taong naghanda ng aplikasyon ay isang may-ari o empleyado ng negosyong naghanda ng mga tax return, ibigay ang pangalan ng negosyo at ang email address ng naghanda.
    c. Kung ang taong naghanda ng aplikasyon ay may Numero ng Pagkakakilanlan ng Buwis ng Tagapaghanda (Preparer Tax Identification Number, PTIN), ibigay ang numerong ito sa nakalaang patlang.
    d. Kung kinumpleto ang aplikasyong ito sa isang site ng Pagtulong ng Boluntaryo sa Buwis sa Kita (Voluntary Income Tax Assistance, VITA), lagyan ng tsek ang kahon na "Oo" at ibigay ang pangalan ng site sa ibaba. Kung hindi kinumpleto ang aplikasyon ito sa isang site ng VITA, lagyan ng tsek ang kahon na "Hindi."

K. Demograpikong Impormasyon

Boluntaryo ang demograpikong impormasyon, pero tutulong ito sa lehislatura ng estado na suriin ang bisa ng programa ng Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho.

22. Kung ikaw, ang iyong asawa, o ang iyong (mga) anak ay may pinagmulang Hispanic, Latino, o Spanish, lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop na kahon. Kung ikaw, ang iyong asawa o ang iyong (mga) anak ay may pinagmulang iba pang Hispanic, Latino, o Spanish, lagyan ng tsek ang "Ilarawan" at isulat ang iyong sagot sa nakalaang patlang. Kung ikaw, ang iyong asawa, o (mga) anak ay mas gustong hindi ito sabihin, lagyan ng tsek ang kahon na "Mas gustong hindi sabihin" para sa lahat ng naaangkop na indibidwal.
23. Piliin ang lahat ng lahi na naangkop sa iyo, sa iyong asawa, o (mga) anak. Kung pinili mo ang American Indian o Alaskan Native, lagyan ng tsek ang "Tribo" at isulat ang pangalan ng Tribo sa nakalaang patlang. Kung ikaw, ang iyong asawa, o (mga) anak ay mas gustong hindi ito sabihin, lagyan ng tsek ang kahon na "Mas gustong hindi sabihin" para sa lahat ng naaangkop na indibidwal.
24. Piliin kung paano mo nabalitaan ang tungkol sa programa ng Refund sa Buwis ng Mga Pamilyang Nagtatrabaho. Lagyan ng tsek ang “Website,” “Social Media,” “Iba pang Organisasyon o Ahensya,” “May Nakapagsabi,” o “Iba pa.”